

Paano ko masusuportahan ang aking bilingual na anak sa bahay?

- Kausapin ang anak mo sa inyong (mga) wika sa tahanan. Makihalubilo sa inyong komunidad sa wika sa tahanan at makipag-ugnay sa extended mong pamilya.
- Hikayatin ang anak mong matuto ng mga bagong salita sa unang wika nila. Ang mga salitang ito ay tutulong sa kanilang gumawa ng mga ugnayan kapag natututo ng mga salitang Ingles.
- Magbasa at pag-usapan ang tungkol sa mga libro ng dalawahang wika sa anak niyo. Ang paaralan niyo at pampublikong aklatan ay dapat maka-access ng dalawahang wikang mga libro sa karamihan ng mga wika. Gamitin ang wika niyo sa tahanan para pag-usapan ang tungkol sa mga litrato at magtanong ng halimbawa, Sino? Ano? Saan? Bakit? Kailan?
- Kausapin ang anak niyo tungkol sa araw nila sa inyong (mga) wika sa tahanan; hikayatin silang sabihin sa iyo ang isang bagay na kanilang natutunan/ginawa sa araw na iyon.
- Pag-usapan ang tungkol sa mga paksa sa klase; iugnay ito sa inyong tahananang bansa/kultura kung posible, halimbawa mga pagkakatulad at pagkakaiba.
- Maglaro ng mga larong pagsasalitan, tulad ng I-Spy, Snap, Dominoes, Lotto, Snakes and Ladders at magsanay sa wikang kaugnay. Tanungin ang guro ng klase ng anak niyo o guro sa EAL kung paano lalaruin ang mga larong ito kung hindi ka sigurado. Maipapaliwanag din nila kung bakit ang mga larong ito ay mabuti sa pag-aaral.

Tandaan: Maaaring abutin ng hanggang dalawang taon para mapaunlad ang panlipunang Ingles. Subalit, maaaring abutin ng hanggang sampung taon para lubusang mapaunlad ang akademikong kakayahan sa wikang Ingles na kailangan para sa edukasyon. Ang unang wika ng anak mo ay "nagbibigay ng pinakamahusay na pundasyon sa pag-aaral ng mga karagdagang wika at mga bagong konsepto." Ang pagpapatuloy sa pagpapaunlad ng wika sa tahanan ng anak mo ay magpapahintulot sa kanilang mapaunlad ang mga konsepto at pagdadahilan, malaya sa kanilang pag-aaral ng wikang Ingles.

Mga Dulugan

- <http://www.booktrust.org.uk/programmes/primary/booktime/> - Patnubay sa pagbabasa kasama ng anak mo
- <http://learnenglishkids.britishcouncil.org/en/>
- <http://www.dk.com/uk/> - Mga visual na diksiyonaryo
- <http://uk.mantralingua.com/> - Mga libro
- <http://www.usborne.com/> - Mga libro ng mga unang salita
- <http://www.worldbookonline.com/kids/home> - encyclopedia na may mga pagsasalang-wika
- <https://www.overdrive.com/> - mga online na libro sa iba't ibang wika - mag-sign in gamit ang library card
- <https://www.aberdeenshire.gov.uk/libraries/>

Mga Pagkilala

- Pag-aaral sa 2+ wika (2005)
- www.bilingualism-matters.org.uk/
- Serbisyong EAL ng Lungsod ng Edinburgh

Maging Bilingual!



Ano ang mga bentahe ng pagiging bilingual?

Ang pagsasalita ng dalawang wika ay makakatulong sa batang:

- mapanatili ang ugnayan sa kultura at pamana ng kanilang pamilya. Ang wika sa tahanan ay napakahalaga para sa pagpapasa ng mga pinahalagahan at mga tradisyon at pagpapatili ng pangkulturang pagkakakilanlan.
- makabuo ng mas malalakas na kakayahan sa pagbabasa, pag-aaral ng wika, atensiyon at pag-iisip. Ang pag-aaral at pagamit ng mahigit sa isang wika ay makakapagpabuti ng malikhaing pag-iisip, paglutas ng problema at ekspresyon.
- ipahiwatig ang mga emosyon nila dahil ang wika sa tahanan ay karaniwang ang unang natututunan ng bata, kaya may espesyal itong halaga.
- may mas mabuting pag-unawa kung paano gumagana ang wika at mas pinadadaling matutunan ang mga ibang wika.
- magkaroon ng mas mabuting pagkakataon sa trabaho dahil maraming trabaho at mga employer ang nangangailangan ng mga taong nakakapagsalita, nakakapagbasa at nakakapagsulat ng mga ibang wika.

eal.service@aberdeenshire.gov.uk

Tagalog Be Bilingual - A4 Trifold v5

Ano ang ibig sabihin na maging 'bilingual'?

Ginagamit natin ang katagang 'bilingual' para sa mga taong gumagamit ng mahigit sa isang wika sa pang-araw-araw nilang buhay. Hindi ito nangangahulugan na ang tao ay may patas na kakayahan sa bawat wika.

Hindi masyadong mahusay ang Ingles ko. Dapat ko bang kausapin ng Ingles ang aking anak?

Mas mainam na gamitin ang wika mo sa tahanan dahil magbibigay ka ng mabuting modelo ng wika.

Makakapapekto ba ang pagiging bilingual sa pagganap ng anak mo sa paaralan?

Sa una, maaaring mas matagalan ang anak mong maabot ang pamantayang makakamit nila sa kanilang tahananang wika. Subalit, sa paglipas ng panahon na may kasamang motibasyon at suporta, makakamit nila ang tagumpay at mas mabuti pang makakaganap kaysa sa mga monolingual sa mga pambansang pagsusuri.

Paano matututo ang anak ko ng Ingles?

Makakarinig sila at gagamit ng Ingles sa paaralan araw-araw at sa komunidad.

Ano ang magagawa ko kung ayaw nang gamitin ng anak ko ang wika sa tahanan?

Normal para sa mga batang naising gamitin lagi ang Ingles dahil nais nilang makibagay sa kanilang mga kaibigan. Minsan, sandali lang ito nagtatagal. Patuloy na gamitin ang una mong wika sa tahanan kahit na sumagot sila sa Ingles.

Pinaghahalo ng anak ko ang dalawang wika. Ano ang dapat kong gawin?

Napakakaraniwan nito kapag ang bata ay natututo ng dalawang wika nang magkasabay. Ang anak mo ay unti-unting magsisimulang paghiwalayin ang dalawang wika. Ang edad at tulin kung paano nila ito nagagawa ay malaki ang pagkakaiba. Kung nag-aalala ka, kausapin ang guro ng EAL.

Paano ko matutulungan ang anak kong magbasa at magsulat sa dalawang wika?

Ang mga gawaing pagbabasa at pagsusulat ay kailangang kaaya-aya at makabuluhan sa karanasan ng kanyang anak. Ang guro ng anak mo sa klase o guro sa EAL ay makakapagmungkahi ng mga karagdagang paksa at mga aktibidad. Mahalaga ring magbasa para malibang - mga libro, magasin, komiks, mga website, makinig sa mga CD, radyo, TV at mga DVD atbp. Ang mga klase sa wika sa komunidad ay magandang paraan din para umunlad sa pag-develoo nila ng kakayahan sa wika ng tahanan.

Ang ating wika sa tahanan ay gumagamit ng ibang script. Malilito din diba ang anak?

Ang pag-aaral na magbasa at magsulat sa Ingles ay natutuunan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusulat sa wika ng tahanan. Maaaring matagumpay na matutong magsulat sa dalawang magkakaibang script.

Ang anak ko ay may mga problem sa pagbabasa/pagsusulat/pagbaybay sa kanilang tahananang wika. Magkakaroon ba sila ng mga parehong problema sa Ingles?

Ang ilang problema sa literasiya ay nalilipat mula sa isang wika papunta sa kabila. Mangyaring ilaan ang anumang ulat sa paaralan at katibayan ng trabaho sa klase na kailangang mayroon ang gurong suportahan ang anak mo. Hindi ito kailangang nasa Ingles.